



Sigalot ng Kaunlaran: Ang Karanasan ng Pilipinas

nina Gerardo Gobrin at Almira Andin

Buod

Karaniwang itinuturing ang kaunlaran bilang pagbabago na nagbibigay ng kagalingan. Subalit paano natin titingnan ang mga “proyektong pang-kaunlaran” na nagiging dahilan ng mga sigalot? Paano kung ang sinasabing kaunlaran ay sumisira sa kabuhayan ng mga mamamayan sa komunidad? Paano kung ang sinasabing kaunlaran ay nagdudulot ng pagkakahati-hati sa halip na pagkakaisa? At paano kung ang mga pagkakahating ito ay humantong sa tuluyang di-pagkakaunawaan ng mga tao o higit pa, sa madudugong awayan? Masasabi ba nating wasto ang kaunlarang ito? O, matatawag nga ba natin itong kaunlaran?

Hindi nilalayon ng sulating ito na ibigay ang lahat nang kasagutan na may kinalaman sa usapin ng kaunlaran. Sa halip, susubukan nitong ipakita ang konteksto at ilatag ang mga kalagayan sa mga nagaganap na sigalot na karaniwang kakambal na ng tinatawag na mga proyektong pang-kaunlaran sa ilang mga komunidad. Tutukuyin nito ang ilang mga kaso kung saan lumitaw ang sigalot halimbawa sa pagitan ng mga lokal na mamamayan at sa mga tagapagtaguyod ng mga proyekto, sa pagitan ng mga mamamayan at ng gubyerno, at sa pagitan ng mga mamamayan mismo. At dahil makikita sa kasaysayan na ang mga katutubo ay matagal nang naapi at nawalan ng karapatan at kapangyarihan, ang pananaliksik na nagbigay-daan sa sulating ito ay nakasentro sa kanila.

Tatlong kaso mula sa tatlong komunidad ng mga katutubo ang napili bilang lugar ng pananaliksik. Ang una ay tungkol sa mga Ifugao sa Hilagang Luzon na matagal nang may problema dahil sa pagpasok ng isang minahan na pag-aari ng mga Awstralyano, ang Climax-Arimco. Ang ikalawang kaso naman ay tumatalakay sa kalagayan at tunggalian sa pagitan ng mga Aeta at ng Clark Development Corporation o CDC. Pinaplano kasi ng CDC na gawing lugar pang-industriya at lugar-pangturismo ang mga lupang ninuno ng mga katutubong Aeta. Ang ikatlong kaso naman ay tungkol sa mga katutubong Ata-Manobo sa probinsiya ng Davao del Norte. Nakikipaglaban ang mga Ata-Manobo sa lugar na iyon laban sa proyektong Industrial Forest Management Agreement o IFMA.



Ifugao Tribeswomen, near Banaue Photo. Jeremy Horner/Panos Picture

Sumentro ang pananaliksik sa tatlong komunidad na nabanggit sa pagsisikap na magkaroon ng pambansang balanse ang pag-aaral. Ibig sabihin, mula sa pinaka-hilaga o Norte, tapos sa bandang gitna ng Luzon at pagkatapos ay sa gawing timog naman sa Mindanao. Ang bawat isang kaso ay maituturing na halimbawa ng kongkretong kalagayan ng isang pamayanang katutubo. Kung pagsasama-samahin ang mga karanasan at aral mula sa tatlong komunidad, maari itong magpakita ng mas malawak na larawan ng kalagayan at mga karanasan ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas, lalo na sa punto de bista ng pag-aaral hinggil sa karanasan nila sa mga proyektong pang-kaunlaran. Sa mga karanasan ding ito, maari nating makita kung anong tipo ng kaunlaran ang hinaharap sa ngayon ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas.

May pagsisikap na ipahayag sa huling bahagi ang ilang pagtingin at pagsusuri sa balangkas ng kaunlaran na sinusundan ng guberno ng Pilipinas. Mayroon ding ilang punto ng rekomendasyon na naglalayong makapag-ambag para bigyang kalutasan ang ilang nagaganap na sigalot.

Panimula

Ang *kaunlaran* ay isang usapin na laging pinagtatalunan sa buong mundo. Ibig sabihin, may ibat-ibang pananaw ang ibat-ibang mamamayan tungkol dito. *Sigalot ng Kaunlaran: Ang Karanasan ng Pilipinas (Development Conflict: The Philippine Experience)* ay nakatuon sa epekto ng mga proyektong pang-kaunlaran sa mga katutubong mamamayan. Mga proyekto ito na ipinatutupad alinsunod sa pangkalahatang balangkas ng Pambansang Kaunlaran ng guberno. Ang balangkas na ito ay nakabatay sa liberalisasyon ng ekonomiya na sumusuhay sa walang habas na paggamit sa likas-yaman ng bansa subalit sumasalungat sa kalagayan ng mga katutubong mamamayan na itinuturing ang kanilang mga lupain hindi lamang bilang bagay na pinagmumulan ng kanilang kabuhayan kundi bilang isang mahalagang elemento ng kanilang kakilanlan.

Ang pananaliksik na ito ay ikalawa sa inilabas ng Minority Rights Group International (MRG) sa ilalim ng Minority Rights and Development Program. Resulta ito ng halos isang taong *background research*, mga pananaliksik at pakikipag-konsultasyon sa mga komunidad na ginawa sa pamamagitan ng KAMP, bilang kasamang organisasyon ng MRG. Hindi madali ang buong prosesong ito subalit masasabing nagbunga ito ng maraming oportunidad laluna sa KAMP para ibayo pang pahigpitin ang pakikipag-ugnayan nito sa mga organisasyon sa lokal.

Ang sigalot na dulot ng mga proyektong pang-kaunlaran ay sinasabing ibinubunga ng di-pantay na hatian ng mga kayamanan sa pagitan ng mga mamamayan. Ang sulatin na ito ay nagsisikap na tumingin sa mas malalim na kalagayan, kung saan ang paggamit sa mga likas-yaman ng mga katutubong mamamayan ay nagbunga ng sigalot sa ibat-ibang antas: sa pagitan ng mga pamayanan; sa pagitan ng mga tao sa isang pamayanan; at sa pagitan ng pamayanan at ng korporasyon. Ang resulta ay karaniwang masama at may pang-matagalang epekto.



Ang mga korporasyon dahil hindi bahagi ng guberno ay palaging nakaliligtas para managot sa mga pang-internasyunal na batas. Ang mga estado o guberno ang nakapirma sa mga kumbensyon at tratado sa United Nations at iba pang pandaigdigang mga kasunduan samantalang ang mga korporasyon na pinapayagan sa ilalim ng mga pambansang batas ay malayang nakagagalaw. Karaniwan, dahil nasa kamay nila ang kayamanan, nagagawa nilang pasunurin ang mga guberno sa takot ng huli na baka umalis ang mga korporasyong mamumuhunan. Karaniwan din, nagagamit ng mga korporasyon ang kanilang kapangyarihan para gawing maluwag ang mga batas alinsunod sa layunin nila. Dapat magbago ang ganitong kalagayan. Sinasabi sa Unibersal na Deklarasyon para sa Karapatang Pantao (Universal Declaration on Human Rights), na ang mga pribadong korporasyon, bilang mga organisasyon sa isang lipunan, ay dapat gumalang at magpalaganap sa kalayaan at mga karapatang pantao at dapat tiyakin na mga ito ay epektibo nilang kinikilala at pinatutupad.

Sa mga rekomendasyong narito, idinidiin na dapat tiyakin ng guberno ang responsibilidad para kontrolin ang mga aktibidad ng mga korporasyon para mismo sa kagalingan ng kanyang mamamayan. Idinidiin din ang pangangailangan para sa makatotohanang konsultasyon sa hanay ng mga katutubong mamamayan at iba pang Pambansang Minorya at ang pangangailangan para sa direktang partisipasyon ng mga katutubong mamamayan sa mga desisyon kaugnay ng mga proyektong naka-apekto sa kanila. May pagtingin na ang mga

rekomendasyong ito ay maaring pagsimulan ng makatotohanang pagbabago hinggil sa karanasan ng mga katutubo kaugnay ng usapin ng kaunlaran.

Ang Mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas

Ang Pilipinas ay isang bansang bulubundukin at pulu-pulo na sumusukat sa humigit-kumulang 30 milyong ektarya. Binubuo ito ng 7,100 isla na maaring pagsama-samahin sa tatlong grupong nakalatag mula hilaga hanggang timog: mga isla ng Luzon, mga isla ng Visayas at mga isla ng Mindanao.

Sa 75 milyong populasyon, ang Pilipinas ay tahanan din ng humigit-kumulang 42 mga katutubong mamamayan na bumubuo sa ika-10 bahagi ng kabuuang populasyon.¹ Maaring sabihin na lahat nang Pilipinong isinilang sa Pilipinas ay maituturing na katutubo lalo na noong ang bawat grupong etniko sa Pilipinas ay mayroon pang kanya-kanyang sariling tradisyunal na teritoryo. Subalit ang kolonisasyon sa Pilipinas ay di naganap na gaya nang sa Hilagang Amerika kung saan ang mga dayuhang “puti” ay nagtayo ng mga komunidad. Sa paglaon, lumaki ang komunidad ng mga dayo hanggang maging “minority” sa bilang ang mga katutubo roon.

Sa Pilipinas, ang kolonisasyon ay ginawa ng mga dayo sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang sentralisadong politico-militar na gobyerno na nanakop nang maliliit na pamayanan. Dahil dito nasakop ang ibang mga katutubong komunidad at napailalim sa kontrol ng mga dayuhan. Samantala, may mga katutubong pamayanan, lalo na iyong malapit sa mga kagubatan at kabundukan, o iyong mga umatras mula sa kapatagan patungo sa kabundukan, ang nakapamuhay nang may relatibong kalayaan mula sa kontrol ng mga dayong mananakop. Naipagpatuloy nila ang ilang aspeto ng kanilang katutubong gawi at pamumuhay. Ang mga katutubong mamamayan o pamayanang ito ay may malalim na pagtingin at pang-unawa sa kanilang mga lupa at mga likas-yaman. Para sa kanila, ang lupa at ang mga biyaya nito ay isang bagay na dapat pangalagaan para sa hinaharap. Ang ganitong pananaw ay masasalamain sa kanilang kultura o kaugalian. Makikita ito sa kanilang mga panalangin, sa kanilang mga sayaw, mga ritwal at maging sa sistema ng pamumuno at pagpapasya.

Noong una, ang mga katutubo ay may ekonomiyang nakasasapat sa sarili. Bagaman may panahong masagana ang kabuhayan, madalang ang pagkakataon na nagkakaroon ng pakikipagpalitan ng kalakal sa labas ng komunidad. Sa pangkalahatan, ang anumang kabuhayan o produktong nalilikha ng pamayanan ay ginagamit at pinagsasaluhan ng lahat². Noon, pagkakaingin, pangangaso, pangangaso at maliitang pagsasaka ang karaniwang ikinabubuhay. Dahil sa ganitong payak na kalagayang pang-ekonomiya, hindi gaanong umiiral ang konsepto ng pribadong pag-mamay-ari ng lupa. Ang mga lupang ninuno at lahat ng yamang matatagpuan dito ay itinuturing na pag-aari ng buong pamayanan at sa balikat ng mga pinuno ng komunidad nakaatag ang responsibilidad ng pangangasiwa dito.

Subalit sa paglipas ng panahon, ang dominanteng ekonomiyang nakabatay sa salapi ay unti-unting makaka-

impluwensiya sa mga katutubong mamamayan. Isa sa pinakamalaking dahilan nito ang paulit-ulit na pagbebenta ng gobyerno sa mga lupain ng mga katutubo para sa mga negosyo ng troso, plantasyon at mina. Dahil dito, nagugulo kundi man tuluyang nawawasak ang pang-ekonomiya at maging ang panlipunang kaayusan ng mga katutubo.

Tuluyang malulukuban ng ekonomiyang nakabatay sa salapi ang dating ekonomiyang nakasasapat sa sarili. Para mabuhay, ang bawat isa ay kailangang gumawa ng produktong kailangang ibenta. At dahil sa madalas na pagkasira ng mga pinagkukunan ng kabuhayan, ang mga batayang pangangailangan gaya ng pagkain, kasuotan, gamot at tirahan ay hindi na libreng makukuha mula sa kalikasan kundi kalakal na kailangan nang bilhin mula sa pamilihan.

Unti-unting magbabago ang tradisyunal na sistema ng pamumuno habang unti-unting lumalakas ang pakikialam at impluwensiya ng sentral na pambansang gobyerno sa mas maliit na mga komunidad ng mga katutubo. Magtatayo ng ibat-ibang ahensiya na may kapangyarihang mangasiwa at mamuno sa mga pamayanan. Itatayo rin ang lokal na pamahalaan kahit sa mga komunidad na buhay pa ang tradisyunal na sistema ng pamamahala. Sa ibang pamayanang tuluyan nang nawala ang katutubong sistema ng pamamahala, ang mga lokal na pamahalaan ang buo-buong magpapatupad ng mga pampulitika at maging ng panlipunang aspeto ng pamumuhay ng mga katutubo.

Bagaman malilit at hiwa-hiwalay ang natitirang mga pamayanan ng mga katutubo sa kasalukuyan, binibigkis sila ng iisang kasaysayan ng patuloy na pagka-api at pagkawala ng kapangyarihan. Ito rin ang batayan ng iisang diwa at pananaw para ipaglaban ang kanilang karapatan para sa nalalabing mga lupang ninuno at pamayanan.

Maingsing Paglalata ng Kasaysayan

Nang simulang sakupin ng mga Kastila ang mga isla sa Pilipinas noong ika-16 na siglo, pinatupad nila ang isang patakarang tinawag na *Regalian Doctrine*. Nagbibigay ito ng ligal na karapatan para sa lahat nang lupang kinamkam ng Espanya sa pamamagitan ng pananakop. Mula dito, susulpot ang iba pang batas hinggil sa pag-aari ng lupa na magresulta sa ligal na pagkawala ng karapatan ng mga katutubo sa mga lupang tinitirhan nila. Dahil dito, ang mga katutubo ay naging mga iskwater o “iligal” na mga mamamayan sa sarili nilang mga pamayanan at lupain.

Nang ibenta ng Espanya ang Pilipinas sa Amerika sa pamamagitan ng *Treaty of Paris* noong 1898, maraming batas na pinatupad ang mga Amerikano na nagpalakas sa kontrol at pagmamay-ari ng gobyerno sa mga lupang kinamkam nito. Isang halimbawa ang Public Land Act ng 1902 na sinasabing sa pamamagitan lang ng titulo kikilalanin ang anumang karapatan para sa pag-aari ng lupa. Walang titulo, walang may-ari, kundi ang gobyerno. Karamihan ng mga pamayanang katutubo ay hindi nagpatitulo ng kanilang lupa. Noon 1905 naman, pinatupad ng mga Amerikano ang Forest Law na nagbabawal sa pangangaso at iba pang paggamit sa mga produktong-gubat pero nagbibigay ng lisensya sa pagtro-troso. Noong 1906, pinatupad ang Mining Act

na nagbibigay lisensya sa mga pribadong korporasyon para magmina sa mga kabundukan. Nagresulta ito sa lalo pang panghihimasok ng mga pribadong korporasyon sa mga pamayanang katutubo.

Noong 1946 nang igawad ng Amerika sa Pilipinas ang kalayaan, tiniyak muna nitong nasa kontrol pa rin niya ang pulitika at ekonomiya ng bansa. Ang *Tydings McDuffie Law at Laurel-Langley Agreement* ay mga kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at Amerika na nag-oobliga sa atin na magluwas ng hilaw na mga produkto sa Amerika at mag-angkat naman ng mga yaring kalakal mula sa kanila. Ang *Mutual Defense Treaty (1951)* ay nagbibigay ng karapatan sa Amerika na humingi ng armadong suporta mula sa Pilipinas sa tuwing lalahok ang Amerika sa digmaan. Ang *Military Bases Agreement (1947)* ay nagtatakda ng pinaka-estrategikong lugar sa Pilipinas para gawing baseng militar ng mga Kano. Noong 1991, binasura ng Senado ng Pilipinas ang isang bagong kasunduang magpapahaba sana ng pananatili ng mga base militar ng U.S sa bansa. Pero nabalewala rin ito nang ipasa rin ng Senado noong 1999 ang *Visiting Forces Agreement (VFA; 1999)* na nagbukas sa mga paliparan at iba pang pasilidad sa Pilipinas para sa gamit ng mga armadong tropang Amerikano sa kahit anong panahon nila gustuhin.

At bagamat ang gubyerno ng Pilipinas ay nasa kamay na ng mga Pilipinong pulitiko, walang litaw na pagsisikap para itakda ang pag-unlad ng Pilipinas nang labas sa kolonyal na impluwensiya. Ang pambansang kaunlaran ay laging nakaayon sa dikta ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB). May masamang epekto ito sa mismong mga katutubong mamamayan dahil ang kanilang mga lupang ninuno ay itinuturing na pagkukunan ng mga likas-yaman na laging bukas para gamitin kailanman gustuhin ng gubyerno. Dahil din dito, ang mga proyektong karaniwang matatagpuan sa mga pamayanang katutubo ay para sa pagkuha at paggamit ng mga mina at likas-yaman samantalang pinababayaan ang pangangailangan ng mga mamamayan para sa mga batayang serbisyong panlipunan at pagpapaunlad ng kanilang pang-ekonomiya at pang-kulturang pamumuhay.

Mga Pangunahing Nagtutunggaling Pwersa sa Pilipinas

Para lubos na maintindihan ang usapin ng sigalot at kaunlaran sa konteksto ng Pilipinas mahalagang matukoy ang mga pangunahing pwersang nagtutunggalian.

Nasa isang banda ang gubyerno na pangunahing nagpapatupad ng mga proyektong pang-kaunlaran na karaniwang nasa kontrol o pagmamay-ari ng malalaking pribadong grupo: mga dayuhang korporasyon at mga kasosyo nilang Pilipino na kumokontrol sa mga industriya ng bangko at pananalapi, mga industriya sa mina at pagto-troso, mga malalaking imprastruktura gaya ng dam, kalsada, mga plantasyon at maging sa industriya ng pangangalakal sa loob at labas ng bansa. Ito ang mga grupong nakikinabang sa tipo ng kaunlarang nagaganap ngayon sa Pilipinas.

Sa kabilang banda naman ang mga pwersang tumututol sa tipo

ng kaunlarang tinataguyod ng gubyerno at mga pribadong korporasyon dahil sa masamang epekto nito sa buhay ng mga mamamayan. Sila ang mga mahihirap na mamamayang binubuo ng mga magsasakang walang lupa na naninirahan sa malalaking asyenda at pribadong korporasyong agrikultural, mga *settler* sa kabundukan, mga maralitang tagalunsod na naninirahan sa mga tinatawag na komunidad ng iskwater, at mga katutubong mamamayan na palagi nang napapalayas mula sa kanilang lupang ninuno para bigyang daan ang mga proyektong itinatayo roon.

May mga grupong nagtataguyod ng armadong rebolusyon na naglalayong pabagsakin ang gubyerno at baguhin ang buong sistemang pang-ekonomiya at pampulitika. Ang mga nagtataguyod ng ganitong panlipunang pagbabago ay mga lihim na samahang binubuklod ng rebolusyunaryong National Democratic Front (NDF) na pinamumunuan ng Communist Party of the Philippines (CPP) at ng armado nitong hukbong New People's Army (NPA).

Ang ibang grupo naman ay kumikilos sa ligal na paraan. Kasama rito ang mga sektoral na organisasyon ng mga magsasaka, manggagawa, maralitang tagalunsod, mga kabataan at estudyante at ilang grupo ng mga propesyunal at maliliit na negosyante.

Kabilang rin dito ang mga katutubong mamamayan na nagtayo ng mga organisasyon mula sa mga baryo, probinsiya, rehiyon at maging sa antas pambansa. Nagsasagawa sila ng mga kampanya sa loob at labas ng bansa na naglalayong isulong ang karapatan para sa lupang ninuno at sariling pagpapasya. Subalit mahalagang maintindihan na ang mga katutubong mamamayan ay may ibat-ibang antas ng pampulitika at pang-organisasyong kapabilidad na patuloy pa ring pinalalakas. Karaniwan, ang pagkakaisa ng ibat-ibang katutubong pamayanan ay umiinog sa mga depenidong layunin at adhikain. Pero may mga panahon din na ang isang katutubong indibidwal o grupo ay kikilos laban sa interes ng kapwa niya katutubo kapalit ng ilang materyal o pang-ekonomiyang pakinabang o pribilehiyo. Iba't-iba rin ang porma ng pakikibaka ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas. May iba na piniling sumama sa armadong pakikibaka, samantalang ang iba naman ay kumikilos sa loob ng balangkas ng ligal na paraan. Noong maagang bahagi ng 1900s, ang angkan ng Carino mula sa katutubong grupo ng Ibaloi sa Cordillera ay nanalo sa kaso nito sa lupa laban sa gubyernong Amerikano. Pinagtibay ng Korte Suprema ng Amerika ang likas na karapatan ng mga Carino sa kanilang lupa sa batayan ng tradisyunal na pagmamay-ari ng angkan. Gayundin, ang Konstitusyon ng Pilipinas, na nabuo noong 1987 pagkatapos mapatalsik sa poder si Marcos ay nagsasabi ng pagkilala ng gubyerno sa karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno. Subalit aabot nang sampung taon bago makapagtibay ng isang batas ang gubyerno para maipatupad ang sinasabi ng konstitusyon. Ito ang batas IPRA o Indigenous Peoples Rights Act (RA 8371) na naipasa noong 1997. Subalit bagaman sinasabi ng batas IPRA ang karapatan ng mga katutubo sa isang "malaya, may sapat na panahon at matalinong pagsang-ayon" (free and prior informed consent) bago simulan ang anumang "proyektong pang-kaunlaran" sa kanilang lugar, nananatiling nasa kamay ng gubyerno ang pagtutukoy sa mga

proseso, pagtatakda ng mga paraan ng pagpapatupad at ang kapangyarihan para mamagitan at magdesisyon kaugnay ng karapatan ng mga katutubo at ang pagpasok ng mga proyekto sa kanilang lugar. Binuo ang Pambansang Komisyon para sa mga Katutubong Mamamayan o NCIP para mangasiwa sa mga kautusang ito ng batas. May mga katutubong mamamayan na tinatanaw ito bilang hakbang patungo sa tuluyang pagkilala sa kanilang ligal na karapatan sa kanilang mga lupang ninuno. Ang iba sa kanila ay nagsumite ng aplikasyon at nakakuha rin ng mga kasulatan para sa kanilang lupang ninuno. Subalit ang mga kasulatang ito ay magdaraan sa malaking pagsubok lalo na't ang ibang tinutukoy na lupang ninuno ay siya ring mga lupa na tinutukoy bilang mga lupang miminahan o pagnenegosyohan ng *logging*.

Case Study 1: Climax-Arimco Mining Corporation at ang mga Ifugao

Noong 1995 isinabatas ng Kongreso ng Pilipinas ang Republic Act 7942 o ang tinatawag na Mining Act of 1995. Tinitingnan ito ng mga kritiko na isang malawakang pagliberalisa ng industriya ng pagmimina sa bansa. Ang batas na ito ay bumuo ng isang iskemang tinatawag na Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) na nagbibigay ng 81,000 hektarya ng lupa para sa isang malawakang eksplorasyon ng mineral. Pinapayagan din ng batas na ito ang isang dayuhang korporasyon ng pagmimina na magmayari ng 100 posyento sa minahan, nagbibigay ito ng 25-50 taong pag-upa sa lupa at iba pang mga insentibo gaya ng sampung taong hindi pagbabayad ng buwis, 100 porsyento ng pagluluwas ng tubo at puhunan mula sa Pilipinas patungo sa ibang bayan. Pinapayagan din nito na ariin ng korporasyon ang mga katubigan at kakahuyan sa loob ng lugar ng mga eksplorasyon.

Umabot sa 125 aplikasyon ng pagmimina ang naipasa sa tanggapan ng Philippine Mineral and Geosciences Bureau³. Dalawa sa mga ito ang nabigyan ng FTAA. Isa rito ang Climax-Arimco Mining Project na sumasakop sa lupain ng mga katutubong Ifugao ng Barangay Didipio, munisipalidad ng Kasibu sa probinsya ng Nueva Vizcaya na matatagpuan sa parteng gitnang-hilaga ng Luzon.

Ang Climax-Arimco at ang mga mamamayan ng Didipio

Ifugao ang ginagamit na katawagan sa mga taong naninirahan o nanggaling sa probinsya ng Ifugao sa Cordillera, sa hilagang Luzon. Noong panahon ng 1960's ilang pamilyang Ifugao ang lumikas sa mga barangay malapit sa probinsya ng Nueva Vizcaya matapos lunurin ang kanilang mga pamayanan nang itayo ang Magat Dam. Ang Didipio sa Kasibu, Nuwva Vizcaya ay isa sa mga lugar na kanilang nilipatan.

Ang Didipio noon ay lupain ng mga Katutubong Ilongot at lugar kung saan sila nangangaso. Pinayagan ng matatandang Ilongot ang mga Ifugao na manirahan sa Didipio at bungkalin ang lupa dahil nais rin nilang matutunan ang pamamaraan ng

pagsasaka ng mga Ifugao. Ang mga Ifugao ay kilala sa pagsasaka sa matataas na lugar at sa paggawa ng mga *rice terraces* sa gilid ng mga bundok. Isang pagkakaibigan ang namagitan sa dalawang grupo ng katutubo.

Bago dumating ang mga tauhan ng Arimco noong 1989, malago na ang pagsasaka sa Didipio. Umaabot sa halos 2,000 ektarya ang lupaing sakahan, kagubatan at kaingin. Mahigit-kumulang sa 700 ektarya ang tinataniman ng palay.

Ang baryo ng Didipio ay matatagpuan sa isa sa mga tuktok ng bundok ng Mamparang na bahagi ng bulubunduking Sierra Madre, 200 kilometro hilaga-kanluran ng Maynila. Siyam na sitio – Dinauyan, (baba at itaas na bahagi), Ancabo, Verona, Waterfalls, Dagupan, Bacbacan, Surong, Camagat at Didipio proper ang bumubuo sa barangay Didipio na matatagpuan sa munisipalidad ng Kasibu, bahagi ng Nueva Vizcaya sa Region II.

Ang Climax-Arimco, isang higitang korporasyon ng pagmimina na nakabase sa Sydney, Australia ay nagsimulang mag-*survey* sa Didipio noong 1989 matapos ang isinagawang eksplorasyon ng Geophilippines at ng Cyprus Mining. Noong 1992, nagsimula ang pananaliksik at eksplorasyon sa barangay Didipio⁴. Nakasaad sa 1997 Annual Report ng Climax-Arimco na matapos ang kanilang eksplorasyon sa Didipio may natagpuan silang 17 lugar na positibo sa mina ng ginto at tanso, matatagpuan ang mga ito sa loob ng apat na kilometro mula sa pusod ng mina sa burol ng "*Dinkidi*" sa Didipio.

Ang *Dinkidi* ay salitang Tsino na ang ibig sabihin ay tunay na ginto. Noong ika-19 na siglo, ginagamit ang salitang ito ng mga Australyano sa tuwing may matatagpuan silang mga ginto. Pinangalanan ng Climax-Arimco ang burol sa gitna ng Didipio na *Dinkidi*, ang balak nilang maging sentro ng kanilang operasyon sa pagmimina.

Ang US\$139 milyong Dinkidi Mining Project ay isang *open-cut/pit* na minahan na mangangahulugan ng pagpapatag o pagtatanggal sa burol. Pagkatapos, sisimulan ang *underground mining* ang tinatawag na *block caving mining*. Huhukay ng 825 metro lalim hanggang maabot ang 450x200 metro ng mineral na kinalalagyan ng ginto. Tinatanya ng korporasyon na makakakuha sila ng 205,000 *ounces* ng ginto at 36 milyong *pounds* ng tanso sa bawat taon sa loob ng 9-10 taon ng kanilang operasyon⁵. Gagamit sila ng kemikal na *cyanide* para ihiwalay ang ginto at tanso sa mga bato.

Pagtutol, panggigipit, panghihimok...

Ang kumunidad ng Ifugao sa Didipio ay nagsimulang mabahala ng una nilang makita ang mga dayuhang *nag-survey* sa kanilang lupain. Di nagtagal, nalaman nilang ang mga ito'y mga eksperto pala sa pagmimina. Natakot ang mga tao sa isa na namang posibilidad ng paglikas.

Taong 1994 pa nang pagkalooban ang Climax-Arimco ng Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) na nagbigay sa kanila ng permiso para sa eksplorasyon ng 24,000 hektarya ng lupa sa Didipio. Ito ang unang dayuhang korporasyon ng pagmimina na nakakuha ng FTAA bago pa man naisabatas ang bagong Mining Act noong taong 1995.

Simula pa ng 1992 ang mga tao sa Didipio ay tumututol na sa

mga proyekto ng Arimco. Sa kalagitnaan ng taong 1994 isang magsasaka ang bumaril sa helikopter ng kumpanya na nagsasagawa ng pagmamapa sa lugar. Napatay sa insidenteng ito ang isang *Canadian geologist* ng Arimco. Dahil dito isang kumpanya ng Philippine Army ang i-dineploy sa lugar at nagtayo ng kampo sa tabi ng burol ng Dinkidi. Ang pagdating ng mga sundalo ang isa sa mga dahilan para mapatahimik ang mga dating lantarang tumututol sa Climax-Arimco.

Hinimok din ng kumpanya ang mga opisyal ng barangay para pumayag sa isang kasunduan o Memorandum Of Agreement noong Abril 1997. Nakasaad sa MOA na kapaligt ng pagpayag ng barangay sa operasyon ng mina, ang kumpanya ay magbibigay ng pondo para sa edukasyon, kalusugan, pagpapagawa ng mga kalsada at ilaw para sa komunidad. Pinangakuan din ng trabaho ang mga tao. Sa isang panayam, inamin ng mga opisyal ng barangay na ang Climax-Arimco ay nagbibigay ng 150,000 pesos (US\$3,000) kada buwan sa Barangay Council.⁷ Tumaas pa ito sa 200,000 piso (US\$4,000) ng mga sumunod na taon hanngang sa isinagawa ang pag-aaral na ito.

Nagbigay rin ang kumpanya ng isang *ten-wheeler* truck para magamit umano ng mga tao. Nagpatayo rin ito ng eskwelahan para sa mga batang nasa primarya at tumulong sa pagpapatayo ng health center. Katunayan, ang kumpanya ang nagpapasahod sa health worker ng Didipio. Naglagay rin ng Community Center and kumpanya at doon matatagpuan ang kanilang Community Relations Department. Hindi pa nagagawa ang pinangkong kalsada at ang suplay ng kuryente ay umaabot lamang sa tirahan ng mga trabahador, sa Community Center Building, sa kampo ng mga militar at sa mga bahay ng mga taong pumapayag sa operasyon ng mina.⁸

Ang People's Initiative

Muling umugong ang mainit na pagtutol ng mga mamamayan nang lantarang magreklamo ang mga naninirahan sa Sitio Dinauyan matapos nilang malaman na ang lugar nila ang gagawing ipunan ng dumi at lason na magmumula sa minahan.

Marami ang nangamba na ang kanilang mga palayan at mga pananim ay tuluyang sisirain ng minahan. Humingi ang mga tao ng kopya ng MOA sa Barangay Council subalit di sila pinagbigyan. Ito ang lalong nagpaalab sa pagtutol ng mga tao.

Noong Oktubre 1997 ang mga taong tutol sa pagmimina ay gumawa ng isang pagkilos na tinatawag na *Peoples Initiative*. Ang *Peoples Initiative* ay isang konstitusyonal na karapatan ng mga botante na naglalayong magpawalang bisa sa isang desisyong ginawa ng mga naihalal na opisyal ng gubyrerno. Sa kasong ito ay ang Barangay Council na nagbigay pahintulot sa eksplorasyon ng Climax-Arimco. Kasama sa prosesong ito ang isang petisyon na nilagdaan ng karamihan sa mga naninirahan sa barangay at humihiling sa *Commission on Elections* para magsagawa ng isa *referendum*. Sa referendum magpapasya ang mga mamamayan kung gusto ba nila o ayaw sa proyektong mina ng Climax-Arimco. Ang grupo ay nakapangalap ng 109 na lagda at inihain nila ito sa *Commission on Elections*.

Noong Nobyembre 1999, nagsumite ang Climax-Arimco ng pangontrang petisyon na nilagdaan ng 311 katao. Hinihinala ng

mga tumututol sa proyekto na ang ilang mga lumagda sa kontra-petisyon ay mga kamag-anak at kaibigan ng mga miyembro ng Konseho ng Barangay na pumunta sa Didipio sa pag-asang makabahagi sa pangakong benepisyo mula sa kumpanya.

Hiniling ng mga tumututol na taga-barangay sa *Regional Development Council* (RDC) na makialam na sa usapin. Ang RDC ay binubuo ng 70 gobernador, mayor, opisyaes na may mataas na katungkulan, at mga kinatawan mula sa mga *non-government organizations* (NGOs) mula sa apat na probinsiya ng Region 2. Bilang sangay ng gubyrerno, may kapangyarihan ang RDC na ibasura ang isang proyekto sa kanilang saklaw na lugar o baguhin ang kategorya ng paggamit sa lupa. Noong Oktubre 31, 2000, nagdesisyon ang RDC sa panig ng mga tutol sa mina. Muli itong nagpatawag ng pulong noong February 23, 2001 para bigyan ng pagkakataon ang Climax-Arimco na magsumite ng bagong plano. Isang grupong binubuo ng 200 katao na tutol sa pagmimina ang dumalo. Muling nagdesisyon ang RDC sa panig ng mga tumutuol.

Muling tumindi ang tensyon sa pagitan ng 1,200 katutubong Ifugao sa Didipio.

Sa sitio ng Dinauyan kung saan binabalak ng kumpanya na ilagay ang imbakan ng kanilang mga dumi ang may pinakamaraming bilang ng taong tumututol sa proyekto. Ang sentro ng Didipio, na ikalawang pinakamalaking pamayanan ng mga tutol sa mina ang pinakamalapit sa burol ng *Dinkidi* na siya namang target paglunsaran ng open-pit at underground mining ng Arimco. Sa kabilang banda, ang sityo ng Bacbacan na siyang pinakamalapit sa opisina ng Arimco at nakikinabang sa kuryenteng binibigay ng kumpanya, ang lugar kung saan pinakamarami ang mga taong sumasang-ayon sa operasyon ng mina.

Subalit sinabi ni Sonita Dingcog, isang *census researcher* mula sa sitio Camgat na hindi wasto ang bilang ng dami ng tao sa sitio Bacbacan sapagkat ito umano ang pinaka-maliit na sitio sa Didipio at pinaka-kaunting tao. Sinabi niyang maaring ang biglang paglaki ng bilang ng mga naninirahan sa sitio Bacbacan ay resulta ng pagdagsa ng mga kamag-anak ng mga tagaroon na nagmula sa labas ng Didipio. Ang mga ito umano ay bahagi ng mga binigyan ng trabaho ng kumpanya noong 1999.

Sa ngayon itinigil na ng kumpanya ang pagbabayad sa kanyang empleyado sa Community Center. Itinigil na rin nito ang pagbibigay ng pondo sa Barangay Council, bagay na ikinasasama ng loob ng mga payag sa mina at isinisisi nila sa mga tumututol na mamamayan.

Climax-Arimco: Huling Paraan

Ang nangyaring pagtutol sa proyekto sa loob at labas ng Pilipinas ay maaring isang dahilan ng pagbaba sa kalahati ng sosyo ng Arimco noong taong 2000. Ang pinansya nito para sa proyekto ay nakalap mula sa *equity* at pangungutang sa Standard Bank London Ltd, sa Korean Resources Inc., na isang ahensiya ng gubyrernong Koreano, sa Commonwealth Development Corporation na pag-aari ng gubyrernong Britanya at sa LG International, na kumontratang bibili sa konsentradong mga minang makukuha ng Arimco. Ngunit sa ulat ng Director nito sa

unang kalahati ng taon ng 2000, dineklara ng Climax na ‘ang mga pulitikal na pagbabago sa Pilipinas at ang matamlay na presyo ng ginto sa pamilihan’ ay nagtulak sa Standard Bank na ibaba ang pangako nitong suportang US \$90 milyon para sa proyekto, maliban na lamang kung makakakuha ng siguradong pera o *equity* ang Climax-Arimco para sa proyekto nito.

Noong taong 2001, ipinagbili na ng Climax-Arimco ang iba pa nitong puhunan at naglabas ng bagong iskema na naglalayong makapag-ipon ng karagdagang A\$4.2 milyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng sosyo sa murang halagang A\$0.03 kada sosyo o *share*

Nakaayon ito sa bagong plano ng kumpanya na magsimula muna sa pagmimina ng 2.4 milyong tonelada ng batong may ginto sa loob ng walong taon. Target nitong minahin ang pinaka-konsentradong bahagi ng batong kinakapitan ng mataas na grado ng ginto. Sa tantya ng kumpanya, ang ganitong plano ay mangangailangan lamang ng US\$32.44 milyon na puhunan at simula dito ay pagugulungin ang negosyo hanggang maabot din nila ang target na US\$139 milyon na pagmumulan naman ng puhunan para sa iba pang minahang target nila sa buong Didipio.⁹

Puno ng pag-asa ang mga taga-suporta ng Arimco samantalang patuloy na naninindigan ang mga tumututol.

Case study 2: Ang mga Aeta ng Gitnang Luzon.

Matapos malagdaan ang *Military Bases Agreement* sa pagitan ng gubyerno ng Republika ng Pilipinas at Estados Unidos noong 1947, nagsulputang parang kabute ang mga base-militar ng mga Amerikano sa bansa. Kasama dito ang dalawang dating malaking base na na itinayo sa bahagi ng Gitnang Luzon, ang Clark Air Base na nasa bahagi ng mga probinsya ng Tarlac at Pampanga, at ang US Naval Base sa Subic, probinsya ng Zambales. Kapag pinagsama, ang dalawang baseng ito ay sumasaklaw sa 65,000 ektarya ng gubat at katubigan, at itinuturing na pinakamalaking kampo-militar ng Amerika na nasa labas ng kanyang teritoryo.

Noong 1991, tumanggi ang Senado sa isang kasuduang magpapahaba pa sana sa buhay ng mga base sa bansa. Dahil dito, napilitang umalis ang mga tropang sundalo ng Amerika lalo pa nang sumabog ang Pinatubo nang taon ding iyon.

Ang kasaysayan ng pagkakatayo ng Clark Air Base ay nagsimula sa pagtatayo ng Fort Stutsonburg, isang kwadra ng mga kabayo ng mga sundalong Amerikano noong bago ang Ikalawang Digmang Pandaigdig. Ang lugar na ito ay dating pinangangasuhan ng mga katutubong Aeta na silang naninirahan noon dito. Naging isang maunlad at malaking base militar ang isang dating kuwadra ng mga kabayo mula 1947 pasulong. Ang mga Aeta sa kabilang banda ay natulak pataas sa kabundukan at pinagbawalang pumasok sa mga lugar ng base. Nang lumaon, kahit ang kanilang kabundukang kinahantungan ay dineklara nang bahagi Clark Air Base, dahil ito ay nakaposisyon sa loob ng tinatawag na buffer zones o sub-zone ng Clark.

Nang lumikas ang mga tropang US noong 1991, inakala ng mga Aeta na mababalik sa kanila ang dating teritoryo. Maging ang pagsabog ng Bundok Pinatubo ay hindi nagpababa sa kanilang

moral. Ang mga lupain sa loob ng Clark Airbase bagaman nasira ay mabilis na nakapanumbalik ng sustansiya. Ang kalakhan dito ay maaari nang pagtaniman ngayon. Ang lupang nabalutan ng makapal na abo at lahar mula sa pagputok ng Bundok Pinatubo ay lalo pang mas naging mataba nang lumaon.

Clark Development Corporation (CDC)

Ngunit may ibang plano ang gubyerno. Matapos bumoto ang Senado para mapaalis ang mga base, ang kontrol at pamamahala sa mga dating lupang saklaw nito ay bumalik sa gubyerno. Noong Presidente si Corazon Aquino, nilagdaan niya ang batas na *Bases Conversion Law noong Marso 1992*. Sa bisa ng batas nabuo ang *Bases Conversion Development Authority (BCDA)*. Tinukoy rin dito ang mga lugar na mapapasama sa *Clark Special Economic Zone (CSEZ)*, na naitayo noong 1993, sa ilalim naman ng panunungkulan ni Fidel V. Ramos. Dalawang Executive Orders (EOs) ang napirmahan kaugnay nito: ang EO bilang 80 na opisyal na lumikha sa Clark Development Corporation (CDC), at EO No. 163, na nagtalaga sa mga eryang sakop ng CSEZ.

Ang CDC ay binuo bilang isang ahensyang mala-pribado at mala-gubyerno upang pamahalaan ang pagta-transporma ng dating Clark Airbase sa isang sonang industriyal. Ang dating paliparan ay planong gawing isang magarang pandaigdigang paliparan habang ang mga kalapit naman na lugar ay gagawing residensyal, lugar-pasyalan, industriyal at sentrong komersyal.

Nagbayad ang CDC ng P8 milyong sa ilang mga internasyunal na ahensya para sa *marketing at economic research*. Mula dito nabuo ang buong disenyo o ang tinatawag na *development blueprint* para sa dating Clark Airbase.¹⁰ Ang 4,400 ektarya na dating paliparan ng Clark ang bumubuo sa tinatawag na Main Zone para sa pagpapaunlad ng mga kalsada, paliparan at mga tulay. Ang pagpapaunlad sa mga karatig na lugar, o sa tinatawag na *sub-zones*, na sumasaklaw naman sa 31, 828 ektarya ay planong paglagyan ng mga negosyo na pang-gubat at agrikultural, dagdag sa mga posibleng komersyal at industriyal na negosyo, at mga panturistang pasyalan.

Ang mga Aeta: isang walang-katapusang kwento ng paglikas

Ang tradisyunal na ekonomiya ng mga Aeta ay umiikot sa pangangalap at pangangaso. Mayroong anim na malalaking grupo ng Aeta na naninirahan noon sa kani-kanilang mga teritoryo sa apat na probinsyang pumapalibot sa Bundok Pinatubo. Sa bahaging silangan ay ang mga pamayanan ng mga Aytang *Abarlen*, sa probinsya ng Tarlac. Sa timog na bahagi ay ang mga *Mag-Anchi* at *Mag-Indi* ng probinsya ng Pampanga. Sa bandang timog-kanluran naman matatagpuan ang mga *Ambala* at *Bayukan* ng probinsya ng Bataan, at sa kanluran ay ang mga *Hambali* Aytay ng probinsya ng Zambales.

Mula sa panahong kolonyal at hanggang sa kasalukuyan, ang madalas na paglikas mula sa kanilang mga dating tradisyunal na pamayanan ay unti-unting nagpakipot sa malawak na teritoryo ng mga Aytay. Ang ilan nilang mga pinuno na naglayong makipagkaibigan sa mga “taga-patag” ay ibinigay ang ilang bahagi

ng kanilang lupa bilang kapalit ng mga bagay tulad ng bolo, riple, salamin, baka, at iba pang mga kagamitan. Sa huli, ang mga pamayanan nila sa paligid ng Bundok Pinatubo ang tanging natira sa kanila. Dahil dito, mula sa dating makilos na pamumuhay ng mga mangangaso at mangangalap, ang anim na grupong Ayta ay napilitang “manatili” sa kanilang mga pamayanan sa paligid ng bundok. Malaking papel ang ginampanan ng Bundok Pinatubo sa kanilang katutubong kakilanlan. Sa kanilang alamat, ang bundok na ito ang tirahan ni Apu Namalyari (Diyos na Makapangyarihan), ang ispiritung nagbabantay at gumagabay sa kanila. Ibig sabihin, ang bundok na ito ang tumatayong huling balwarte ng mga Aeta, ang sentrong kanlungan ng kanilang natitirang mga komunidad.

Nang sumabog ang Mt. Pinatubo noong 1991, lahat ng mga Ayta ay napilitang lumikas at manirahan sa mga lugar na itinalaga sa kanila ng mga ahensya ng gubyerno. Yaong mga hindi pumayag na tumira sa mga lugar na ito ay hindi binigyan ng anumang suporta ng pamahalaan.

Ang mga Ayta ngayon sa loob ng Sub-zone ng CDC

Sitio Kalangitan, Capas, Tarlac

May 400 Ayta ang inilipat sa Sitio Kalangitan sa bayan ng Bamban, Tarlac. Bago pumutok ang Bundok Pinatubo, ang mga Aytang ito ay naninirahan sa Porac, Pampanga, na nabuhay sa pamamagitan ng paggawa at pagbebenta ng uling, pangangalap ng bulaklak ng saging, at pagtanim ng mga kamote at gabi. Sa Kalangitan, sinasabi ng mga lokal na pinuno na ang mga paaralan doon ay hindi tuluy-tuloy na nakakapagsagawa ng klase dahil walang guro na gustong maglakad sa matarik na daraanan patungo sa paaralan. Madalas gawing biruan ng mga lokal na residente na kung gusto mong makapatay ng isang kalabaw, kailangan mo lang dalhin ito sa Kalangitan at siguradong mamamatay ito sa pagod sa daan pa lang. Ito ang ginagawang dahilan ng mga usurero (*usurers*) kapag binibili nila sa napakababang presyo ang mga produkto ng mga Ayta sa Kalangitan. Sa idineklarang 70 ektarya na *resettlement area* doon, 80 ektarya ay pribadong pag-aari ng Coronel Farms. Dagdag pa dito ang pangangasiwa sa Kalangitan Resettlement ay napunta sa CDC dahil saklaw ang Kalangitan ng subzone.

Noong 1998, ang lokal na gubyerno ng bayan ng Capas ay nagpasa ng isang resolusyong nagtatalaga ng 100 ektarya ng Kalangitan para gawing tambakan ng basura (*land fill*). Ang proyekto ay tinawag na *Clark Integrated Waste Management Project* na magkasanib na proyekto ng CDC at ng mga kumpanyang *Ingenieurburo Birkhan + Nolte and Heers & Brockstedt GmbH & co KG*, mga kumpanyang nakabase sa Germany. Kagyat na ipinahiwatig ng mga Aeta ang kanilang pagtutol ngunit itinuloy pa rin ng CDC at ng kanyang mga kasosyo ang proyekto. Hindi maunawaan ng mga Aeta kung bakit - madalas silang sapilitang natataboy sa kanilang lupa at ngayong nakabalik na sila sa dati nilang mga lupain – sila naman ngayon ay gagawing tambakan ng basura ng iba. Pinagdidiinan ng CDC na walang karapatan ang mga Ayta na magsalita tungkol sa bagay na ito dahil labas ito sa

750 ektarya ng Kalangitan Resettlement kung saan itinakdang lugar para sa mga Aeta.

Sitio Burog, Bgy. Sto. Nino, Bamban, Tarlac

May 80 pamilyang Aeta ang nakatira ngayon sa maliit na pamayanan ng Burog. Walang anumang programa ang CDC para sa kanila. Wala rin silang ligal na karapatan sa mga lugar na sinasaklaw ng CDC. Pinaplanong gawing isang taniman ng mga prutas ang buong pamayanan, ang kulang na lamang ay ang mga mangangapital sa proyekto. Noong 1998, iginawad ng Department of Environment & Natural Resources (DENR) ang may 5000 ektarya ng lupa sa mga Ayta ng Burog at iba pang karatig na sitio. Ngunit lumiit ito at ginawa na lamang 1500 ektarya. Subalit hanggang sa kasalukuyan, ni hindi matukoy kung saan ang saklaw ng lupaing ito dahil tutukuyin lamang ang mga ito matapos maipalano ang iba pang mga proyektong isasagawa sa lugar. Nangangamba rin ang mga residente ng Burog sa patuloy na pagdagsa ng mga turista sa kanilang lugar. Tinitingnan nila itong simula ng pagta-transporma sa kanilang lupain sa isang panturistang atraksyon na pinangangambahang magreresulta sa tuluyang pagpapa-alis sa kanila. Ang mga turista – karamihan ay Hapones- ay nagbabayad ng 5 piso para sa isang lokal na giya para ipakita sa kanila ang mga lagusan na pinaniniwalaang ginawa ng mga sundalong Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pinaplano ng CDC na gawing atraksyong-panturista ang mga kweba at lagusang ito.

Sitio San Martin, Bamban, Tarlac

Ang pamayanan ng San Martin ay mas malaki kumpara sa kalapit nitong Burog. Bago makarating ng Burog, kinakailangan munang dumaan ng San Martin. May mga 100 pamilyang Ayta ang naninirahan sa pamayananang ito.

Malaki ang direktang epekto sa mga residente ng San Martin ang plano ng CDC na gumawa ng isang panturistang kalsada patungong Bundok Pinatubo. Natapos na ang planong kalsada sa apat na sityo patungong San Martin.

Sitio Kalapi, Bamban Tarlac

May mga 150 pamilya ang naninirahan sa loob ng lupaing ito na katabi lamang ng **Main Zone** ng CSEZ. Sa ngayon ang mga mamamayan ng Kalapi ay nangangalap ng mga ligaw na bunga ng saging, nagbebenta ng prutas at gulay at mga *souvenir items* sa labas ng gusali ng duty-free ng CSEZ.

Ang kabuuan ng Kalapi ay nakapaloob sa 2000 ektarya na proyekto ng CDC para sa isang Reforestation Programme sa sub-zone. Dahil sa ang pamayanan ng Kalapi ay hindi naman deklaradong lugar pang-relokasyon, pinapayagan lamang manatili ang mga Ayta dito dahil pumayag silang maging tagapangalaga ng mga pananim na puno kapalit ng 800 piso na buwanang suweldo at maliliit na hardin kung saan maari silang magtanim. Iginawad ang proyektong ito sa Zasp Foundation. Nakuha ng institusyong ito ang kontrata para muling taniman ng puno ang lupain sa mga pamayanan ng Target (Main Zone), Adwan, Kalapi at Burog (sub-zone).

Kahit pa sabihin ng mga Ayta na pag-aari nila ang mga lupang

ito, sinasabi ng mga ligal na dokumento na dating paupahang lupa ito ng isang nagnangalang Joe Caligagan. Ayon pa dito, ginawa muna niyang isang rancho ang Kalapi bago tuluyang ibinenta ang karapatan sa pag-aari sa CDC. Kaya ang mga katutubong Ayta ng Kalapi, apo ng mga pinakaunang tao sa Pilipinas, ay ni walang lupaing matatawag na kanila.

Turismo: Plano at Pagtutol

Noong 1996, binuo ng Kagawaran ng Turismo ang isang plano para gawing isang internasyunal na lugar panturista ang Bundok Pinatubo. Bahagi ng proyektong Mt. Pinatubo Tourism Plan 2000 ng Kagawaran ng Turismo, ang paggawa ng mga kalsada na aabot hanggang sa bunganga bundok, mga hotel, resort at mga kubo para sa mga turista.

At dahil sa ang karamihan ng mga komunidad ng Pinatubo ay sinasaklaw ng pamamahala ng CDC, ang mga plano ng DoT ay hindi malayong magkaroon ng katuparan. Una, babalikatin ng CDC ang mga kinakailangang suportang imprastruktura habang ang mga lokal na gobyerno ay magpapatupad ng mga proyektong susuporta dito. Banta ito sa pag-asa ng mga Ayta na makabalik pa sa kanilang tradisyunal na komunidad sa paligid ng Mt. Pinatubo. Isinara na ng DoT ang lahat ng posibilidad para makabalik pa ang mga Ayta sa kanilang lupang sinilangan, habang ito ay inilalako naman sa mga dayuhang turista. Ginagawa ng CDC ang pundasyon at iba pang mga kalsada na magbibigay daan sa pagta-transporma ng mga lupang ninuno ng mga Ayta sa isang daigdig ng agro-industriya, habang ang mga Ayta ay sinumpang mabuhay sa mga pamayanang pang eko-turismo at masisikip na lugar panrelokasyon.

Sa linggo ng ika-10 anibersaryo ng pagputok ng Mt Pinatubo, may 500 lider-Ayta, kababaihan, kabataan ang nagsagawa ng isang linggong programa na tinawag na Linggo ng mga Ayta (Hunyo 2001). Sa kanilang Pahayag ng Pagkakaisa isinumpa ng mga Ayta na babawiin nila, sa anumang paraan, lahat ng kanilang tradisyunal na lupain sa paligid ng Bundok Pinatubo. Ipinanawagan nila na dapat muling pag-aralan ang kabuuang plano ng CDC at ang pagbabasura sa Planong Panturismo 2000 ng DoT. Bumuo ng isang Konseho ang mga kinatawan ng anim na mayor na grupong Ayta upang pag-isahin ang kanilang pagsusumikap para bawiin ang kanilang lupa at ipagtaggol ang nalalabing buhay ng kanilang mga pamayanan. Bilang simbolo ng pagtutol sa plano ng CDC at DoT, ang mga Ayta kasama ng kanilang mga taga-suporta ay lumikha ng isang barikada ng bato bilang simbolo ng kanilang determinasyon na ipaglaban ang Bundok Pinatubo, ang huling haligi ng kanilang buhay at pamayanan.

Case Study 3: ang pakikibaka ng mga Ata Manobo ng Langilan

Ang huling bahagi ng 1980 ay maituturing na panahon ng mainit na kampanya laban sa pagtotroso o *logging* sa Pilipinas. Malakas ang mga panawagan noon kay Pangulong Cory Aquino na bigyang pansin ang patuloy na pagkasira ng mga kagubatan. Malinaw ang mga dahilan. Una, ipinapakita ng mga pag-aaral na kung walang hakbang na gagawin para mailigtas ang nalalabing

kagubatan, ang malusog na kalikasan ng Pilipinas ay mawawala sa loob lamang ng dalawang dekada. Pangalawa, ang paulit-ulit na pagbaha at tagtuyot – ay makikitang konektado sa sunod-sunod na pagkawala ng mga kagubatan¹¹. Ikatlo, ang internasyunal na komunidad ay nag-aalok ng malaking halaga para sa mga proyektong may kaugnayan sa pamamahala at pagliligtas sa kagubatan. Subalit may mga kaakibat ding pangangampanya ang mga negosyante ng troso. Alam ng gobyerno na sa matagal na panahon ay naging mahalagang eksport ng Pilipinas ang mga troso kaya hindi maitatagti ang halaga nito sa ekonomiya at gayundin ang malakas na impluwensiya sa gobyerno ng sektor ng pagtotroso.

Sa ganitong konteksto ipinakilala ng gobyerno ang Industrial Forest Management Agreement o IFMA. Ayon sa mga nagpanukala nito, ang IFMA ay solusyon sa dalawang problema— ang pagkasira ng kagubatan at ang pangangailangan para sa troso. Ang layunin ng IFMA ay himukin ang mga kumpanya ng troso na i-transporma ang kanilang mga konsesyon ng *logging* tungo sa komersyal na pagtatanim ng troso. Para maisakatuparan ito, ipinahayag ng gobyerno na lahat ng *Timber License Agreements*, o lisensya sa pagtotroso ay ipapawalang bisa sa loob ng 16 na taon simula 1991.

Sa kabilang banda patuloy ang promosyon sa IFMA bilang alternatibo. Ang karaniwang lisensya na ibinibigay sa *TLA* na umaabot ng 10,000 ektarya ay maaaring gawing doble sa IFMA. Maari pa itong madagdagan depende sa kakayanan ng kumpanya.

Bgaman sa salita ay hindi iniengganyo ng IFMA ang operasyon ng pagto-troso, sa aktwal ay pinalawak nito ang dating saklaw na erya ng operasyon ng mga kumpanya ng *logging*. Ang mga Kautusang Administratibo gaya ng AO#42 (1991), AO#60 (1993), AO#68 (1998) at AO#15 (1994) patungkol sa operasyon ng IFMA ay tila mas pumapanig sa mga pang-ekonomiyang interes ng mga negosyante kaysa sa usapin ng pagbabantay at pag-aalaga sa kalikasan. Halimbawa, pinahihintulutan pa rin ng IFMA ang pagla-*logging* sa mga kagubatang sinasaklaw ng lisensyang binigay sa kumpanya. Ang layunin nito umano ay para matiyak na hindi maaantala ang produksyon ng troso habang pinalalaki pa ang mga kahoy na itinanim.

Ang gobyerno ang tumatayong ahente sa pagitan ng mga konsesyunaryo ng IFMA at mga bangkong magpapautang ng pondo para dito. Ang mga pondong ipapautang para gamiting kapital ng isang kumpanya sa IFMA ay ituturing na utang ng gobyerno panlabas, magtagumpay man ang proyekto o hindi.

Ang IFMA ng ALSONS

Ang Alcantara & Sons (Alsons) ang isa sa mga naunang kumpanya na pinagkalooban ng IFMA na sasaklaw sa 45,000 ektarya ng lupain sa bayan ng Talaingod, sa distrito ng Kapalong, Davao del Norte, Mindanao, katimugang bahagi ng Pilipinas. Isang kumpanyang dati nang nagnenegosyo sa *real estate* hindi nahirapan ang Alsons na makakuha ng lisensya ng IFMA. Ang kumpanya ay pag-mamayari ng pamilya ni Paul Dominguez, ang dating *Presidential Assistant* sa Mindanao ng dating pangulong Fidel Ramos.

Mauugat ang operasyon ng Alsons sa lugar ng Talaingod

noong 1969. Ipinagbili ni Gaudencio Manalac sa Alsons ang *logging operations* nito dahil sa malaking pagkakautang niya sa kumpanya. Nang matapos ang kontrata ng *logging* noong 1989, nagsumite ang Alsons para gawin itong IFMA. Binigyan ito ng kontrata sa IFMA na sasaklaw sa 19,000 ektarya. Nang makakuha ang Alsons ng 350 milyong piso mula sa Asian Development Bank (ADB), lumawak ng hanggang 29,000 ektarya ang saklaw ng kontrata nito na halos sumasakop sa buong erya ng Talaingod.

Ang mga Ata Manobo ng Talaingod

Ang mga Ata Manobo ang isa sa mga mayor na katutubong pangkat sa pulo ng Mindanao na tradisyunal na naininirahan sa katimugang bahagi nito. Pagsasaka at pangangaso ang uri ng kabuhayan nila. Ipinagmamalaki ng mga Ata-Manobo ang kanilang mayaman na tradisyong nagawa nilang isabuhay sa kabila ng pananalasa ng kolonisasyon. Mayroon silang ritwal sa bawat mahalagang okasyon sa kanilang komunidad, mula sa pagtanim hanggang pag-aani, mula sa panganganak hanggang sa paglilibing, mula sa pagkakasal hanggang sa mga kasunduan para sa kapayapaan sa pagitan ng iba't ibang tribu.

Ang pribadong pag-aari ay isang malabong konsepto para sa mga katutubong Ata Manobo. Para sa kanila, mahirap isipin na maaring ariin ninuman ang anumang bagay na malayang ibinibigay ng kalikasan. Tulad ng iba pang grupo ng mga katutubo, naniniwala sila na ang sangkatauhan ang nagmamay-ari sa lupa, at dahil ang sangkatauhan ay isang walang hanggang pagpapatuloy ng salinlahi, walang taong maaring mabuhay na bukod-tanging magkakaroon ng karapatan para ariin ang lupa at ang mga yaman nito.

Kilala sa pagiging mga matatayang na mandirigma ang mga Ata Manobo. Ang kanilang mga maliliit na komunidad ay pinatatatag ng pakikipagkaisa sa iba pang komunidad at tribu. May mataas na pagtingin sa katarungan ang mga Ata Manobo. Pinag-uusapan ng Konseho ng mga Pinuno nila ang anumang di pagkakasundo sa pagitan ng mga komunidad sa layuning lalong mapalakas ang kanilang pagkakaisa. Ganunpaman, kung ang lahat ng paraan ay nagawa na, at nananatiling mailap ang katarungan, nagsasagawa ang mga Ata Manobo ng tinatawag na *pangayao* – isang sagradong panata para ipagtanggol ang kanilang komunidad.

Paano nakapasok ang IFMA ng Alsons sa Talaingod¹²

May nakahapag na aplikasyon ang Alsons para sa kontrata ng IFMA na sasaklaw sa 45,000 ektarya ng Talaingod. Mula dito, naglaan ang kumpanya ng 5,000 ektarya para sa reloksyon ng mga komunidad na mapapalikas. Ngunit walang alam sa plano ng Alsons ang mga Ata Manobo na nasa erya ng Langilan, na simula 1987 ay naging bahagi na ng munisipalidad ng Talaingod.

Unang narinig ng mga Ata Manobo ang balak na pagtanim ng puno noong 1991 nang nagpatawag si Mayor Jose Libayao ng isang pulong ng mga lider ng mga Ata Manobo sa Talaingod at sa Langilan. Sinabi ni Libayao na may proyekto ang Alsons para muling magtanim ng mga puno sa mga lugar na kinalbo ng kumpanya nila noong panahon ng *logging*. Sinabi ni Libayao sa mga Ata Manobo na magtanim ang Alsons ng puno para

muling ibalik ang nakalibang gubat. Sinabi niyang kabayaran ito sa mga nawalang puno ng mga katutubo. Inenganyo niyang maging bahagi sa proyektong ito ang mga Ata Manobo. Kailangan umano ng Alsons ang mga Ata Manobo upang hawanin ang mga sukat at magtanim ng mga binhi. Natuwa ang mga katutubo at sumang-ayon sa plano.

Lingid sa kaalaman ng mga taga Langilan, may kasunduan na si Mayor Libayao at ang kanyang mga kasamahan na taga-Talaingod na nagpapahintulot sa kumpanya na isama ang lahat ng lupain sa loob ng hangganan ng Talaingod sa mga operasyon ng IFMA. Kasama dito ang mga komunidad ng Langilan na hindi kasama sa tradisyunal na komunidad ng Talaingod. Inunang taniman ng Alsons ang mga bahagi ng Sto.Nino, na sentrong barangay ng Talaingod hanggang sa komunidad ng Tibukag sa Langilan.

Ang Sigalot

Nang makarating kay Datu Guibang Apoga, lider ng mga Ata Manobo sa bahagi ng Langilan, ang tungkol sa plano, nagsimula agad ang kanyang pagdududa sa tunay na layunin ng kumpanya at ni Mayor Libayao. Ngunit unang lumitaw ang problema nang ang pangakong sweldo para sa mga manggagawang Ata Manobo ay hindi natupad. Nangako ang Alsons na babayaran sila kapag naihanda na ang lupang pagtaniman. Subalit, baon na sa utang ang mga Ata Manobo sa mga mangangalakal na nagsu-suplay ng kanilang mga pagkain at ibang pangangailangan sa napakataas na halaga. Nagsimulang magreklamo ang mga Ata Manobo lalo na nang malaman nila na regular na nababayaran ang mga manggagawang “taga-patag”. Ngunit sinabi ng kumpanya na hindi raw mahusay magtrabaho ang mga Ata Manobo at sinabing pipiliin na lamang nila ang ibang masipag magtrabaho. Halos lahat ng mga Ata Manobo sa Langilan ay hindi napili. Nagalit si Datu Guibang nang nalaman niya ito. Naisip niyang tama siya sa kanyang desisyon na huwag pahintulatang pumasok ang Alsons sa kanyang komunidad.

Nang lumaon, nagsimulang pagbawalan ni Mayor Libayao at ng mga tauhan ng Alsons ang mga Ata Manobo na magtanim ng sarili nilang pananim sa mga lugar na pinagtaniman ng kumpanya. Matapos nito, pilit na inuudyok ng kumpanya na palipatin ang mga Ata Manobo sa Kabadjangan, ang lugar-reloksyon na inilaan ng Alsons sa mga Ata Manobo. Ngunit tinutulan ito ng mga Ata Manobo. Ayon sa kanila, hindi angkop para gawing tirahan ang Kabadjangan. Batay sa mga panayam na isinagawa ng KAMP sa mga lider ng Langilan, ipinapahayag umano ni Mayor Libayao na sumangayon na ang mga residente na lumipat sa Kabadjangan, at ang mga naiwan sa kanilang lugar ay mga trabahador na lamang ng Alsons. At dahil dito, handa na umano ang erya para sa todong operasyon ng IFMA. Nagsimulang i-buldoser ng Alsons ang mga taniman ng mga Ata Manobo. Unti-unti, sinasaklaw na ng plantasyon ang mga bahagi ng Langilan.

Pagtutol at reaksiyon

Noong Nobyembre 30, 1993, 25 datu ng Ata Manobo ang nagpulong sa Brgy. Tibukag sa Talaingod (Ang Tibukag ay bahagi ng Langilan ngunit naging bahagi ng Talaingod nang maging bayan ito noong 1991). Pagsapit ng hatinggabi, ang pinaka-pinuno

ng mga datu, si Datu Guibang Apoga, ay namuno para sa ritwal ng *pangyayo*. Nagsagawa ng sagradong panata ang mga datu na dedepensahan nila ang kanilang lupa hanggang sa kamatayan at dahil sa mithiin at panatang ito, kikilos sila bilang isa.

Ito ang araw ng pagkakabuo ng Salugpungan Ta Tana Ninagkahunon (Pagkakaisa ng mga Lumad Para sa Pagtatanggol sa Lupang Ninuno). Mithiin ng grupong ito na pag-ibahin ang kanilang mga sarili sa mga Lumad na sumusuporta sa IFMA. Idineklara ng mga lider ng Salugpungan ang hangganan na maghihiwalay sa kanilang mga komunidad doon sa mga sumusuporta sa IFMA. Ipinaglalaban nila na ang ang kanilang teritoryo na tinatawag nilang Langilan (ilog) ay hindi naging at kailanman ay magiging bahagi ng Talaingod. Pormal na ipinahayag ng ilang kinatawan mula sa mga lider ng Salugpungan, ang kanilang resolusyon sa mga datu na sumusuporta sa IFMA na pinamumunuan ni naman ni Mayor Jose Libayao. Tinanggihan ng mga lider na sumasang-ayon sa IFMA ang resolusyon ng Salugpungan at ipinagdiinan na dapat tumayo bilang isang munisipalidad ang Talaingod. Sinabi ng grupo ni Libayao na walang karapatang ligal ang mga datu ng Langilan na pigilin ang operasyon ng IFMA sa kanilang lugar. Pakiramdam ng mga lider ng Salugpungan na tahasang natapakan ang kanilang mga karapatan at ang kalayaan nila bilang tao. Ganunpaman, isinumpa nilang maging matatag sa kanilang paninindigan.

Batay sa mga pakikinyam ng KAMP, ilan sa mga tagapagbantay ng Alsons ang bumisita sa erya noong Disyembre, 1993 at inakusahan ang mga lider ng Salugpungan na nagsasagawa umano sila ng mga aktibidad na laban sa guberno. Noong Pebrero 1994, tatlong trak na puno ng mga sundalo mula sa 64th IB ang sumugod sa mga komunidad na ng mga di sumasang-ayon sa IFMA sa dahilan umanong naghahanap sila ng mga gerilyang New Peoples Army (NPA). May 50 katao mula sa 13 pamilya ang lumikas mula sa Langilan dala ng takot sa mga militar. Pagkatapos, nagtayo ang mga sundalo ng isang kampo sa kalagitnaan mismo ng komunidad ng Tibukag. Ayon sa mga mamamayan, sinunog din ng mga sundalo ang limang bahay na malapit sa kampo. Tinangay din ng mga militar ang mga ani at pananim ng mga tao at kinatay ang mga alagang hayop ng mga nagsilikas na residente. Samantala, ang mga nagsilikas na Ata-Manobo ay naghanap ng matutuluyan sa mga kalapit na komunidad samantalang ang iba naman ay nanirahan sa loob ng kagubatan.¹⁴

Nagdesisyong humingi ng tulong ang mga pinuno ng Salugpungan sa mga grupong maaring makaunawa sa kanilang sitwasyon. Noong Agosto 1994, buong tapang na tinahak ng may 560 kataong Ata Manobo mula sa Talusi, Byalong, Dulian, Mirato, Kamaka, at Nasilaban, mga pamayanang saklaw ng Langilan, ang daan patungong lungsod ng Davao del Norte.

Ang Kasunduan

Sa tulong ng SAGIP, nagkampo sa labas ng Munisipyo ng Davao ang mga nagsilikas sa loob ng halos dalawang linggo. Naging sentro sila ng mga balita, at nakuha ang pansin ng simbahan, at ng akademya. Ang kampuhan ay naging isang pagkakataon kung saan

naipahayag ng mga residente ang kanilang mga problema sa mga mamamayan ng kapatagan ng Davao.

Malawak na hanay ng mga grupo – abogado, mga maka-kalikasan, mag-aaral at maging mga pulitiko- ang sumuporta sa mga kahilingan ng mga Ata-Manobo. Ilan sa mga ito ang Karapatan (Center for Peoples Rights, Mindanao); Promotion of Church Peoples' Response (PCPR), United Church of Christ of the Philippines (UCCP); mga mag-aaral at taga-suporta mula sa Ateneo de Davao University at mga nakikiramay na opisyal ng guberno. Nag-alok na mamagitan sa isang diyalogo sa pagitan ng mga sumusuporta sa IFMA at sa mga tumututol dito, ang mayor ng Davao City na si Mayor Rodrigo Duterte. Nagresulta ang paghaharap na ito sa isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng dalawang magkatunggaling pangkat.

Ang sentral na isinasaad ng MOA ay ang pagkilala at paggalang sa kahilingan ng mga datu ng Salugpungan na maihiwalay ang erya ng Langilan sa mga operasyong IFMA ng Alsons. Ngunit pinagkasunduan ng parehong grupo na upang maisagawa ito, kailangang ma-survey at mai-mapa muna ang teritoryo ng Salugpungan. At kahit duda dito, sumang-ayon ang Salugpungan na payagang mangyari ito. Nakasaad din sa MOA na dapat umalis ang militar sa mga pamayanan ng mga Ata Manobo. Nangako naman ang Alsons na hindi ito gagamit ng dahas. Matapos mapirmahan ang kasunduan, binaklas ng mga residente ang kanilang mga kamposa tapat ng munisipyo.

Ngunit walang kinahinatnan ang MOA. Nagpatuloy mga operasyong IFMA patungo sa erya ng Langilan. Walang survey at pagmamapa na isinagawa at wala ring nagsubok na sagutin ang mga isyu na ipinahayag ng Salugpungan sa diyalogo.

Huling Paglaban

Binalaan ng mga mandirigmang Ata-Manobo, sa pangunguna ni Datu Guibang, ang kumpanya na huwag papasok sa lugar ng Langilan ngunit wala silang sagot na natanggap. Matapos magbigay ng ikatlong babala, ang mga mandirigmang Ata Manobo ng Langilan ay sumuon sa pakikipaglaban.

Apat na engkwentro sa pagitan ng mga mandirigma ng Langilan at tauhan ng kumpanya ang naganap noong 1997 na nagdulot ng mga kamatayan at pagkakasugat sa magkabilang pangkat. Naglunsad din ng sarili nilang pangyayo ang grupo ni Mayor Libayao.

Umatras sa magubat na bahagi ang pangkat ni Datu Guibang. Samantala, nagsampa ng kasong kriminal ang Alsons laban sa mga pinuno ng Salugpungan. Kagyat naman na naglabas ang Korte ng warrant para arestuhin ang 25 pinuno ng Salugpungan.

Marahil dahil sa tindi ng sitwasyon, biglang natigil ang proyektong IFMA ng Alsons sa Talalingod. Ang aplikasyon nito para sa 45,000 ektarya na operasyon ay umabot lamang sa 10,000 ektarya na di hamak na maliit sa orihinal na plano nito. Hindi rin matiyak kung ang US\$20 milyong proyekto na pangako ng ADB sa kumpanya ay matutuloy pa. Sa isang panayam, pinasaringan ng dating pinuno ng Alsons na tinalikuran na ng ADB ang proyekto sa kadahilang hindi nagampanan ng Alsons ang halos kalahati nitong pangakong maitanim at maaning mga puno.¹⁵

Pananaw sa Kaunlaran

Nang tanungin kung ano para sa kanila ang kahulugan ng tunay na kaunlaran, ipinahayag ng mga Datu ng Salugpungan sa pamamagitan ng mga panayam ang mga sumusunod na punto:

1. Ang batayan ng tunay na kaunlaran para sa mga katutubong Ata Manobo ay ang pagkilala at paggalang sa karapatan nila sa kanilang lupang ninuno ayon sa balangkas na gusto nila. Anumang hindi sasapat dito ay hindi rin magiging katanggap-tanggap sa mga katutubo.
2. Seryosong pagpapatupad ng mga serbisyong panlipunan na may pagsasa-alang-alang sa kanilang natatanging kultura at tradisyon. Gusto nila ng mga paaralan at *health centers* sa bawat komunidad nila sa Langilan. Gusto nila ng maayos na kalsada at sasakyan para sa kanilang mga ani. Pinapangarap nila ang masaganang ani sa kanilang mga kaingin at pangarap din nilang manumbalik ang kagubatang masagana sa mahuhuling hayop. Pinapangarap nilang makakain nang sapat tatlong beses sa isang araw.
3. Hinihingi nilang irespeto ang mga panlipunan at pampulitikang istrukturang umiiral sa loob ng kanilang mga pamayanan. Hinihingi nila na iginalang ang kanilang mga desisyon, lalo na ng gubyrno. Hinihingi nila ang isang sistema na magtitiyak ng tunay at lehitimong paglahok nila sa mga bagay at desisyon na nakakaapekto sa kanilang buhay bilang mamamayan.

Mga Karagdagan

Dalawang linggo matapos ang ginanap ang pagbisita at pakikipanayam sa komunidad, napag-alaman ng KAMP na pinagsasalikupan ng mga tropang sundalo ang isang lugar sa Langilan na hinihinala nilang pinagkakampuhan ni Datu Guibang at ng kanyang mga kasamahan. Lumilitaw na muling gustong kontrolin ng Alsons ang operasyon ng logging na noon ay nagaganap doon. Ang mga bagong kaso ng paglabag sa karapatang pantao dahil sa panibagong “pagpapakitang-gilas” na ito ng mga militar ay itinatala ng *Solidarity Action Group for the Indigenous Peoples (SAGIP)* at iba pang *human rights groups* na nakabase sa Davao City.

Mga Pangkalahatang Obserbasyon

Ang mga kasong sinaliksik dito ay isinumite sa Pambansang Konseho ng mga Pinuno ng KAMP.¹⁶ Sa nakalap na datos ng Project Team lumitaw ang mga punto ng obserbasyon:

1. **Umiiral sa ngayon ang isang balangkas ng kaunlaran na sa kalaunan ay magdudulot ng negatibong resulta sa mga Pambansang Minorya sa partikular, at sa Sambayanang Pilipino sa pangkalahatan.** Ang modelo ng kaunlaran na ipinatupad ng kasalukuyan at mga nagdaang pamahalaan ay kumakatig sa walang habas na pagkuha ng mga likas yaman at hilaw na materyales ng mga dayuhang korporasyon. Sa ganitong kalagayan, ang mga lupang ninuno ng pambansang minorya ay kaagad naging mga Lupang Pampubliko. Ang karapatan ng mga pambansang minorya sa lupa ay napapasailalim sa awtoridad ng gubyrno. Ang mga lupang ninunong ito ang pangunahing pinagmumulan ng mga

kayamanang walang humpay na sinasamantala ng mga malalaking negosyo. Ang mga insentibong ginagawad sa mga dayuhang kapitalista ay lumalampas sa mga posibleng ganansyang makukuha ng bayan mula sa mga proyektong ito. Ang ganitong balangkas ng kaunlaran ay lumalabag sa likas na karapatan ng mga katutubo sa kanilang mga lupang ninuno.

2. **Ang mga proyektong pangkaunlarang ito ay mas tumitingin sa pang-ekonomiyang pakinabang ng mga korporasyong nagnenegosyo dito at hindi ang kapakanan ng mga komunidad na pinaglulunsaran ng proyekto.** Sa tatlong kasong sinaliksik, hindi seryosong binigyang pansin ng mga nagsasagawa ng proyekto ang mga kagyat at pang-matagalang kapakanan ng komunidad na apektado ng proyekto. Ang mga komunidad ay hindi itinuring na may karapatan sa mga lupain at yamang matatagpuan sa lugar. Sa halip, tinuturing sila ng mga nagpapatupad ng proyekto bilang balon na mapagkukunan ng mga murang trabahador na magagamit ng kumpanya para sa kanyang proyekto.
3. **Isinuko na ng pamahalaan sa mga korporasyong nagpapatupad ng proyekto ang responsibilidad nito para magbigay ng mga serbisyong panlipunan sa mga mamamayan.** Nangangako ang mga nagpapatupad ng proyekto ng mga panlipunang serbisyo sa mga mamamayan kapalit ng pagsang-ayon nila sa proyekto. Subalit ang pagpapatupad ng mga panlipunang serbisyo ay dapat binabalikat ng gubyrno. Ang mga korporasyong nagpapatayo ng mga kalsada, paaralan at mga tulay ay natural na naglalayong makakuha ng mas malaking pakinabang mula sa kanilang mga negosyo.
4. **Hindi makita ng mga pamayanan ang halaga at silbi ng mga proyektong agro-industrial na pinatutupad sa kanilang mga lugar.** Ang mga pambansang minorya ay nagnanais ng kaunlaran batay sa kanilang sitwasyon at pangangailangan. Ang mga minahan, plantasyon, eko-turismo, at mga pataniman ng puno ay hindi nagsisilbi sa aktwal na pangangailangan ng mga pamayanan sa kabuhayan at serbisyong panlipunan.
5. **Ang mga proyektong pang-kaunlaran ay nakasandig sa mga batas at patakarang nagwawalang-karapatan sa mga katutubong mamamayan.** Walang puwang sa kasalukuyang mga batas ang paninindigan ng mga pamayanan na kanila ang lupa at mga likas-yaman dito. Dagdag pa, ang pagtutol sa mga proyektong ito ay itinuturing na mga aktibidad laban sa gubyrno.
6. **Ginagamit ang militar para takutin at pilitin ang mga mamamayan.** Sakaling hindi magtagumpay ang mga pamamaraan ng panunuhol at paghimok sa mga pamayanan para pumayag sa proyekto, idinadaan sa dahas ang mga susunod na hakbang. Ang mga organisasyong *paramilitaryo* mga indibidwal na malapit sa mga militar ay karaniwang may kuneksyon sa mga korporasyon.¹⁷ Noon ang pamamalagi ng mga sundalo sa mga pamayanan ay binibigyang-katwiran bilang bahagi umano ng kontra-insureksyong kampanya. Sa kasalukuyan, ang gubyrno ay may patakaran at programa sa pagbubuo ng mga tinatawag na **Special Civilian Armed**

Auxiliary (SCAA) na may misyong magbigay ng proteksyon sa mga proyektong inilulusad sa mga lugar na tinuturing na “mainit”. Nagaganap ito sa ngayon sa mga komunidad ng Aeta sa Central Luzon kung saan maigting ang pagrerekrut sa hanay ng mga katutubo para maging SCAA at CAFGU. Ang ilang mga kabataang Ifugao naman sa Didipio ay nirekrut at sinanay para maging SCAA ng Climax-Arimco.

7. **Ginagamit ng mga nagpapatupad ng proyekto ang ilang mga katutubo laban sa kanilang mga ka-tribu o maging kamag-anak. Nagbubunga ito ng pagkakahati-hati sa hanay ng mga katutubong mamamayan na matagal nang nabubuhay nang maliliit at hiwa-hiwalay.** Sa ilang mga pagkakataon, ang ibang mga lider ng pamayanan o iyong mga lider ng barangay ay nakakatanggap ng tulong pinansyal kapalit ng pagsuporta nila sa proyekto.¹⁸ Kung minsan naman, nagtatayo sila ng mga kooperatiba at *Foudations* na ginagamit para magsalita para sa korporasyon. Lalo nitong pina-iigting ang tunggalian sa hanay ng mga mamamayan sa halip na patibaying lalo ang kanilang pagkakaisa at pag-unlad.

Kongklusyon

Ang kasalukuyang oryentasyon ng mga “proyektong pang-kaunlarang” ipinatutupad sa mga pamayanan ng pambansang minority ay palaging pagmumulan ng sigalot, kung di man sa pagitan ng mga mamamayan at mga tagapagpatupad ng proyekto, ay sa pagitan naman ng mga mamamayan mismo. Ang tatlong kasong ipinakita rito ay kwento ng malalawak at malalaking-puhunang mga proyekto na naglalayong samantalain ang pinanggagalingan ng kabuhayan ng mga mamamayan. Dito nakabalangkas ang kasalukuyang plano ng kaunlaran ng pamahalaan, na nagpapahayag ng pagsasapribado ng mga serbisyo ng gubyerno, pagbubukas sa mga industriya ng bansa para sa mga dayuhan, at pagtatanggal ng kontrol o regulasyon ng gubyerno sa mga mahahalagang industriya.

Pero sa komunidad, ang mga apektadong mamamayan ay hindi makita ang silbi ng mga proyektong ito. Kung may panghawakang ligal na batayan para sa kanilang mga lupang ninuno ang mga katutubo, lalong hindi dapat isipin na patuloy lamang silang mananahimik at magpapaubaya sa banta ng pagkawasak na dala ng mga proyektong ito sa kanilang mga lupa at kabuhayan.

Ang disenyo at balangkas ng mga “proyektong pangkaunlarang” ito ay nagbibigay ng malaking importansya sa paggamit at pagsasamantala sa mga likas-yaman. Binabalewala ang mga mamamayang maaapektuhan at hindi isinasama sa panahon ng pagpapalano at implementasyon ng proyekto. Ang kanilang mga usapin ay hindi maayos na nabibigyan ng pansin at solusyon.

Ang mga Pambansang Minority ay may mahabang kasaysayan ng pakikibaka laban sa pang-aapi at pananakop; ang kanilang lehitimong usapin hinggil sa karapatan sa lupa, sariling pagpapasya at kakilanlan ay nararapat na komprehensibong harapin at mabigyan ng solusyon. Ang mga pagtatangka na lunasan ang mga usaping ito nang hiwa-hiwalay at nakakabit sa pagpapatupad ng mga “proyektong pang-kaunlaran” ay hindi magdudulot ng tunay na kalunasan bagkus ay magpapaigting pang lalo sa walang katapusang sigalot.

Notes

1. KAMP, *Primer on the Indigenous Peoples of the Philippines*, Quezon City, Philippines, Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP), 1998.
2. Constantino, Renato, *A Past Revisited*, Quezon City, Philippines, Foundation for Nationalist Studies, 1975.
3. Center for Environmental Concerns, *Liberalization of the Philippine Mining Industry, A Road to Industrial Development?*, Quezon City, Philippines, Center for Environmental Concerns, 1997.
4. Australian Philippines Solidarity Movement Inc., *A Word of Warning: Australian Mining Corporations and the Philippine Environment*, Quezon City, Philippines, Australian Philippines Solidarity Movement Inc.
5. *2000 Annual Report*, Climax Mining
6. Mining Monitor, July 2001.5. www.mpi.org.au
7. KAMP Research Team interview with members of the Council
8. KAMP Research Team interview with villagers and visit to Didipio.
9. Peter Murphy (of the Philippine Australian Solidarity Network Inc.), fact-finding mission to Isabela and Nueva Vizcaya, 2001.
10. Clark Special Economic Zone, *Master Plan and Business Plan*, prepared by TBV Aviation; Skidmore Owings & Merrill LLP; TCG Engineers; Davis Langdon and Seah; Economic Research Associates; Cuervo Far East & Richard Ellis; Joaquin Cunanan & Price Waterhouse; C.L. Rosales & Partners; J.B.Z. Dorius; Lifescapes International.
11. Citizens' Disaster Response Center (CDRC), *Disasters: The Philippine Experience*, Republic of the Philippines, CDRC, June 1992.
12. The account that follows is based on field work and interviews carried out by KAMP in 2001. The events took place between 1991, when Alsons started planting trees in the area, to 1994.
13. 'Lumads' ('natives') is the term used to refer to the indigenous peoples in Mindanao; Ata-Manobos is the term used by the people of Talaingod to refer to themselves.
14. Solidarity Action Group for Indigenous Peoples (SAGIP) *Land Under Siege*, Davao City, SAGIP, December 1994.
15. Interview by KAMP researchers with Romeo Tutol, former Operations Chief of Alsons on 6 March 2001.
16. This meeting took place on April 25 – 28, 2001 in Iba, Zambales, the Philippines.
17. For example, the presence of the 64th Infantry Battalion in Talaingod and Langilan; and formerly, Mayor Jose Libayao was Alsons' Chief Security Officer.
18. For example, the payments by Climax-Arimco to the Barangay Council of Didipio. Source: KAMP Research Team Interviews.

Recommendations

1. Dapat kilalanin ng gobyerno ng Republika ng Pilipinas ang karapatan ng mga pambansang minorya sa kanilang lupang ninuno at sa mga likas-yaman nito. Ang mga patakaran sa kalikasan, kapaligiran at mga batas sa kagubatan ay dapat baguhin nang naaayon sa paggalang sa karapatan ng mga katutubong mamamayan, at para isulong ang mga pamamahala sa kapaligiran na nakabatay sa pangangailangan at kalagayan ng pamayanan. Nararapat ding baguhin ang ilang batas para saklawin ang karapatan sa pagsasabuhay ng mga katutubong batas, nang naaayon sa paggalang sa mga pandaigdigang prinsipyo ng karapatang pantao. Dapat balik-aralan ng gobyerno ang kanyang patakaran kaugnay ng tinatawag na mga 'Lupang Pampubliko' at magtindig ng institusyon at ligal na balangkas na kikilala sa karapatan ng mga katutubong mamamayan at pambansang minorya sa kanilang karapatan sa lupang ninuno. May pagtingin na ang kasalukuyang Indigenous Peoples Rights Act (RA 8371) ay hindi sapat para makamit ang mga layunin nitong pagkilala sa karapatan sa lupang ninuno. Ang pagkilala sa karapatan sa lupang ninuno ay nararapat nakabatay sa katangian ng mamamayan at komunidad at katangian ng lupang ginagamit at sinasaklaw ng bawat isang pamayanan. Ang pamamaraan ng depinisyon ng lupang ninuno, ang paggamit at pamamahala dito ay nararapat sang-ayunan ng mga partikular na katutubong pamayanang naninirahan sa lugar.
2. Ang gobyerno ng Pilipinas ay dapat kilalanin na ang mga katutubong mamamayan at pambansang minorya ay may karapatan sa isang malaya, tamang panahon at matalinong pagsang-ayon sa anumang proyektong pang-kaunlaran na maaring maka-apekto sa kanila at sa gayon ay dapat suportahan ang karapatan ng mga pambansang minorya at katutubong mamamayan para itakda ang sarili nitong prayoridad at proseso ng pag-unlad na nakabatay sa sarili nilang konsepto ng kaunlaran. Ang gobyerno at ang mga ahensiyang pang-kaunlaran ay dapat tiyakin ang karapatan ng mga katutubong mamamayan at pambansang minorya sa partisipasyon, pormulasyon, implementasyon at ebalwasyon ng mga estratehiya, plano at programa ng pambansang kaunlaran na makakaapekto sa kanila. Ang partisipasyon ito ay nararapat na kumprehensibo at bukas sa buong yugto ng pagpapatupad ng proyekto. Nararapat ihinto ang mga proyektong pang-kaunlaran sa mga tinutukoy na

lupang ninuno hanggang ang usapin ng karapatan sa lupa ay malutas. Nararapat pag-aralan ng gubyerno ang pagbabasura sa Forestry Code at Mining Act of 1995.

3. Hinihimok ang gubyerno ng Pilipinas na maglunsad ng isang hiwalay na imbestigasyon at kung kinakailangan, ay pag-uusig sa mga kagawad o kasapi ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas at mga grupong ginagamit na seguridad ng mga kumpanya na hinihinalang lumabag sa karapatang pantao. Dapat imbestigahan ng gubyerno ang papel ng Hukbong Sandatahan nito sa pagrerekrut ng mga pwersang *paramilitary* sa mga pamayanang apektado ng mga proyektong pang-kaunlaran.
4. Ang pambansa at lokal na pamahalaan ay narapat siguruhin ang isang angkop na kalusugan, edukasyon at iba pang panlipunang serbisyo para sa mga pambansang minorya at katutubong mamamayan. Dagdag pa, dapat magbalangkas ng pang-ekonomiyang plano ng kaunlaran para palaguin ang ekonomiya sa kanayunan. Pantay na konsiderasyon ay nararapat ibigay sa mga kababaihan, matatanda, mga bata at yaong may mga kapansanan sa hanay ng mga pambansang minorya at katutubong mamamayan.
5. Ang gubyerno ng Pilipinas ay hinihimok na tiyakin na ang mga korporasyon ay dapat sumusunod sa mga lokal at pandaigdigang batas at kasunduan sa karapatan ng mga katutubong mamamayan at mga pambansang minorya. Ang mga korporasyon ay nararapat magtindig ng mga karapat-dapat at angkop na proseso ng konsultasyon at reklamo. Karagdagan sa *Environmental Impact Assessment (EIA)* ang mga korporasyong lokal at *transnational* ay nararapat tingnan ang anumang panlipunan at pang-kulturang epekto bago man simulan ang anumang proyekto. Ang prosesong ito ay dapat dumaan sa makatotohanang konsultasyon sa mga katutubong mamamayan at pambansang minorya.

working to secure the rights of minorities and indigenous peoples

minority
rights
group
international

Minority Rights and Development. Ang sulating ito ay bahagi ng Minority Rights and Development Program ng MRG. Ang Programang ito ng pananaliksik at adbokasiya na itinayo ng MRG at ng kanyang mga katuwang, ay naglalayong harapin ang mga usapin hinggil sa mga napabayaan at mga sinadyang ihiwalay na mga grupo ng minorya at katutubong mamamayan sa proseso ng kaunlaran, at gumagawa ng mga hakbang para sa tuluyang pagkawala ng kahirapan.

Mga Pagkilala: Ang MRG at mga katuwang nito ay lubos na nagpapasalamat at kinikilala ang mga tulong pinansiyal mula sa Christian Aid, Cordaid, DFID, guberno ng Norway, at ang Staples Trust, at mga payo ng mga ekspertong nagbigay ng kanilang mga komentaryo hinggil sa sulating ito.

Mga Manunulat: Gerardo Gobrin, ay ang Pambansang Tagapag-ugnay para sa KAMP. Siya ay kumikilos sa hanay ng mga katutubong mamamayan sa loob ng 13 taon hanggang sa kasalukuyan.

Almira Andin ay ang Pangkalahatang Kalihim ng Tunay na Alyansa ng Bayan Alay sa Katutubo. Project Coordinator: Angela Haynes; editor: Sophie Richmond. Pagsasalin sa Tagalog: May Vargas at Rey Paulin. Disenyo at Lay-out: MRG, Mike Garcia.

Development Conflict: The Philippine Experience © Minority Rights Group International and KAMP, November 2002.

ISBN 1 897693 84 2. Ang sulating ito ay inilathala bilang ambag sa pang-unawang publiko. Ang nilalaman nito ay hindi dapat ituring na kolektibong pananaw ng MRG o ng kanyang mga katuwang. Ang iba pang kopya nito ay maaring makita sa www.minorityrights.org. Ang mga sipi ay maari ring makuha mula sa opisina ng MRG, London.

Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas KAMP ay ang pambansang pederasyon ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas. Nabuo noong 1987 pagkatapos ng mga konsultasyon sa pagitan ng mga lider-katutubo. Ang KAMP ay kumikilos para makamit ang tunay na karapatan sa lupang ninuno at sariling pagpapasya ng mga katutubong mamamayan.

Minority Rights Group International (MRG) MRG ay isang non-governmental organization (NGO) na kumikilos para sa karapatan ng mga etniko, relihiyoso, at linguistikong minorya at katutubong mamamayan ng daigdig, at para sa promosyon ng kooperasyon at pagkakaunawaan sa pagitan ng mga komunidad. Ang MRG ay may consultative status sa United Nations Economic and Social Council (ECOSOC). Ang MRG ay nakarehistro bilang kawang-gawa, no. 282305 at bilang isang kumpanyang may garantiya sa UK no. 1544957

Minority Rights Group International
379 Brixton Road, London SW9 7DE, UK
Tel +44(0)20 7978 9498 Fax +44(0)20 7738 6265
Email minority.rights@mrgmail.org
Website www.minorityrights.org

Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas
#48 Mapagbigay Street, Bgy. Pinyahan, Quezon City, Philippines
Tel. (0632) 433 7025 Fax (0632) 9214641
Email: kamp@pilnet.com